## < Para sa mga nakakaranas ng DV >

Hindi kayo nag-iisa. Sabihin sa iba ang mga nangyayari sa inyo.

Natatakot ako na malaman niya na may pinagsabihan ako.

Mahirap para sa akin ang ipaliwanag ang mga ganitong bagay sa ibang tao.

Wala akong magawa dahil lahat ng ito ay kasalanan ko.

Magiging mabuti rin siya balang-araw.

Walang nakakaintindi sa sitwasyon ko.

Nagiging marahas siya dahil mahal niya ako.

"Kung titiisin ko ang pang-aabuso at pananakit niya sa akin, hindi niya sasaktan ang aking anak."



## Kung hindi kayo sigurado na may nangyayaring DV:

Mabilis na kunsulta sa kahit sino.
Kaagad na kumonsulta o magsabi sa iba.
Para sa mga nakakaranas ng DV o date DV, maraming maaring magbigay sa inyo ng payo.

### < Listahan ng DV Advice Counter >

**Makipag-ugnayan sa Social Welfare Dibisyon sa loob ng tanggapan ng inyong distrito.**

○ Mga Social Welfare ng Division sa tanggapan ng distrito sa Lungsod ng Hamamatsu
(Area Code: 053)
*Ang wika ay depende sa ward.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Naka Tanggapan ng Distrito: | 457–2300 | Kita Tanggapan ng Distrito: | 523–2893 |
| Higashi Tanggapan ng Distrito: | 424–0175 | Hamakita Tanggapan ng Distrito: | 585–1677 |
| Nishi Tanggapan ng Distrito: | 597–1157 | Tenryu Tanggapan ng Distrito: | 922–0173 |
| Minami Tanggapan ng Distrito: | 425–1564 | | |

**Maari rin kumonsulta sa mga sumusunod na sentro ng pagpayo.**

*Wika para sa kunsulta ay Hapon lang.

○ Lungsod ng Hamamatsu, Gender-Equal Promotion Center: 053–457–2830
(Maaring kumonsulta sa kanila tungkol sa DV o iba pang suliraning pantahanan).

○ Prefecture ng Shizuoka, Sentro ng kunulta para sa mga babae
(Kunsulta para sa Domestic Violence at Sentro ng Pagtaguyod ng Shizuoka Prefecture):
054–286–9217

○ Prefecture ng Shizuoka, Sentro ng Seibu ng Publikong Kalusugan
(Welfare at Division para sa mga bata): 0538–33–9217

○ Prefecture ng Shizuoka, Sentro ng Gender-Equality(Azarea): 053–456–7879

○ Karapatan ng mga babae, Hot Line (Ministry ng Katarungan): 0570–070–810

Sinisiguro namin na mananatiling lihim ang inyong pagkatao.
Huwag mag-aatubiling makipag-ugnayan sa amin.

**Sa panahon ng emerhensiya, huwag mag-atubiling tumawag sa himpilan ng mga pulis (110).**

Inilathala ng Marso 2011
Lungsod ng Hamamatsu, Universal Design at Gender-Equality Division

DV

# Simulan natin sa pag-unawa kung ano ang DV!

(Karahasan sa Tahanan)



Tagalog

# Ano ang DV?

## DV: Domestic Violence (Karahasan sa Tahanan)

Ang DV ay nangangahulugang domestic violence. Ang domestic violence ay karahasan na nararanasan ng isang tao mula sa kanyang asawa o kinakasama (kasama na rito ang mga ikinasal sa huwes at mga dating asawa) na may malapit na relasyon sa biktima. Dagdag pa rito, ang karahasan na nararanasan mula sa inyong kasintahan ay tinatawag na "Date DV".

Ang DV at Date DV ay mga seryosong paglabag sa karapatang pantao at itinuturing na krimen na nakakapagdulot ng pisikal at sikolihikal na pinsala sa mga biktima.

Sa anumang kalagayan, ang mga gawaing ito ay hindi mapapatawad.



# Hugis ng kagahasan

Ang karahasan ay hindi lamang limitado sa pisikal na karahasan tulad ng pambubugbog at paninipa.

### Pisikal na karahasan

* Pambubugbog, paninipa, pananampal, pananakal
* Pananabunot
* Pamamato
* Pagbabanta gamit ang mga mapapanganib na bagay tulad ng kutsilyo

### Mga Karahasang Sikolohiyo

* Paninigaw na tulad ng "Tanga!", "Mamatay ka na!", at iba pang pang-aabuso sa pamamagitan ng pananalita tulad ng mga pag-iinsulto o pagbabanta tulad ng "Papatayin kita!" at iba pa.
* Pagwawalang-bahala o pagpapabaya
* Pakikialam sa mobile phone o mga liham
* Paglilimita sa inyong pakikipag-ugnayan sa inyong mga kaibigan o kamag-anak

### Sekswal na Karahasan

* Pamimilit na makipagtalik
* Pagtanggi na gumamit ng kontrasepsyon
* Pamimilit na manood ng mga malalaswang panoorin at iba pa

### Karahasan ng ekonomiya

* Hindi pagbibigay ng pera para sa mga pang-araw-araw na gastusin
* Sapilitang pangungutang
* Paglilimita sa inyong pagtatrabaho
* Sobrang pagsisiyasat sa mga gastusin sa bahay

### Karahasan kabilang ang mga bata

* Paggamit ng karahasan sa harap ng inyong anak
* Paninisi sa mga bata o pagsasabi sa kanila na "Lahat ng ito ay kasalanan ng inyong ina!".

Lahat ng mga nabanggit sa itaas ay halimbawa ng DV.

# Epekto ng DV

Ang DV ay maaring mag-iwan ng malalim na pisikal at emosyonal na sugat sa mga biktima, matanda man o bata.

### Epekto sa mga Biktima

* Mga pinsalang tulad ng mga pasa, baling buto, at iba pang mga sugat
* Pakiramdam ng kawalan ng kapangyarihan at mababang pagtingin sa sarili o pagkakaroon ng pakiramdam na "Lahat na lang ng nangyayari ay mali" o "Lahat ng mga nangyayaring masama ay kasalanan ko", at iba pa
* Kawalan ng abilidad na gumawa ng tamang desisyon
* Kawalan ng tulog, pagkayamot, sobrang kapaguran
* Pagkabalisa, at mabigat na pakiramdam para sa mga mangyayari sa hinaharap, kawalan ng pag-asa

### Epekto sa mga Bata

* Kawalan ng kakayahan na makapag-adjust sa buhay sa paaralan o kawalan ng kakayahan na makabuo ng relasyon sa mga kaibigan
* Masamang kaasalan o mga gawain o pananakit sa sarili
* Pagsasa-ayos ng mga problema gamit ang karahasan
* Paulit-ulit na karahasan (ang bata ay maaring maging may sala o biktima ng DV)

* Ang DV na ginagawa sa harap ng mga bata ay isang uri ng pang-aabuso laban sa mga bata.

